# Balitang Manmin

BILANG 161 AGOSTO 7, 2016

# "Dahil sa Panalangin, Nagising ang Pasyenteng Comatose o Walang-malay!"

## Ang Ika-13 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor (WCDN) sa Espanya, mula sa 33 mga Bansa ang Dumalo




Ang Ika-13 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor ng WCDN (litrato 2); Dr. Timothy Sng, Dr. David Eu, Dr. Robert Wagner Navas, at Dr. Zipporah Ngumi, sa pagpapakilala (litrato 1, 3, 8, 9); mga doktor ng medisina, ipinapakita ang mga pagpapagaling na nagpapatunay ng pagkilos ng Diyos (litrato 7); Dr. Gilbert Y. Chae, tinatanggap ang plake ng pagpapasalamat mula sa komite na nag-organisa ng okasyon sa Espanya para kay Dr. Jaerock Lee, Tagapagtatag ng WCDN (litrato 4); at ang pagtatanghal ng Crystal Singers, at ang pagpapalitrato ng mga dumalo (5, 6, 10, 11).

Ayon sa impormasyong medikal mula sa Pandaigdigang Samahan ng mga Cristianong Doktor (WCDN), napatunayan nila na may mga taong gumaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha. Noong Hunyo 10-11, 2016, idinaos ang Ika-13 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor ng WCDN sa Valencia, Espanya.

Mahigit sa 300 doktor ng medisina at mga propesyunal mula sa 33 mga bansa tulad ng USA, Rusya, U.K., Italia, Poland, at Israel ang nagsidalo.

Dahil maraming dumalo mula sa iba't ibang bansa, nagkaroon ng sabayang pagsalin sa apat na wika ang mga mensahe: Ingles, Kastila, Ruso, at Italiano. Ang unang araw ay sinimulan sa pag-awit ng papuri at pagsamba ng grupong taga-Espanya. Ang aralin mula sa Biblia ay pinamunuan ni Dr. Jose Garcia. Ipinakilala ang mga bansang naroon, at masayang naghatid ng mensaheng pagtanggap ang Tagapangulo ng Komiteng Nag-organisa na si Dr. Juan Carlos Solan at ng Presidente ng WCDN na si Dr. Gilbert Chae. Ipinalabas sa dvd ang ministeryo ng Tagapagtatag ng WCDN na si Dr. Jaerock Lee.

Ipinakita sa mga sumunod na presentasyon ang iba't ibang karamdamang pinagaling: TB sa gulugod at tumor sa gulugod – Dr. Jayachandran Palsamy (India); malalang pamamaga ng utak – Dr. Timothy Sng (Malaysia); basag na buto sa gulugod – Dr. Zipporah Ngumi (Kenya); bato sa apdo – Dr. Robert Wagner Navas (Colombia); pagkabaog – Dr. David Eu (Singapore); radial nerve palsy – Dr. Gilbert Chae (Korea); pinsala sa tuhod – Dr. Brian S. Yeo (basahin sa pahina 3-4).

Dahil ang Diyos ang lumikha ng langit, lupa, at lahat ng bagay na narito, pati ang sangkatauhan, nagagamot Niya kahit na anong klase ng karamdaman at sakit. Ipinakita ni Dr. Timothy Sng mula sa Malaysia ang paggaling ng malalang pamamaga ng utak. Sinabi niya, "May isang babaing dinala sa aking ospital, nawalan siya ng malay. Dumalo ako sa kumperensyang idinaos sa Malaysia, pumunta ako sa pagpupulong na may pagpapagaling na pinamunuan ni Rev. Heesun Lee. Tinanggap ko ang panalanging may panyo na dinalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12) para sa pasyente. Nagising ang pasyente, mabilis ang paggaling niya. Naranasan namin ang kapangyarihang lumalampas sa lugar at panahon."

Nakatawag din ng pansin ng mga dumalo ang mga espesyal na pagtalakay tungkol sa "Creation ang Science" (Paglikha at Siyensya) ni Dr. Alvin J. Hwang (Korea), "Finding Harmony between the Scientific and Spirituwal World Views" (Pagkakasundo ng Pananaw ng Mundo sa mga Bagay na may Kinalaman sa Siyensya at mga Bagay na Espirituwal) ni Pastor Jose Victor Dugand (USA), at "Heaven" (Langit) ni Dr. Andre Gasiorowski (Israel). Taos-pusong hinandugan ng plake ng pagkilala at pagpapasalamat ng komite ng nag-organisa mula sa Espanya si Dr. Jaerock Lee, Tagapagtatag ng WCDN.

Nagpamalas ng iba't ibang pagtatanghal ang Crystal Singers ng Manmin Central Church. Kumanta sila sa iba't ibang wika, sumayaw ng fan dance, at ng tradisyunal na sayaw ng Espanya. Naantig ang damdamin ng mga dumalo, tumindig at pumalakpak sila bilang pagpapakita ng paghanga, at niluwalhati nila ang Diyos. Sinabi nila, "Nakikita natin na nangyayari ang pagkilos ng Diyos kahit ngayon. Ipinakita natin na totoo ang Biblia at pinatunayan ang banal na pagpapagaling sa pamamagitan ng mga impormasyong medikal. Kamangha-mangha at kahangahanga ito."

Nasa South Korea ang opisina ng WCDN, ito ay isang grupo ng mga Cristianong doktor ng medisina, wala itong denominasyon. Nagkukumperensya sila bawat taon, kaya nakakatulong sila sa ugnayan at kooperasyon ng mga Cristianong doktor na naglilingkod para sa kaharian ng Diyos. Gagawin sa Russia ang ika-14 kumperensya sa taong 2017.

# Bakit si Jesus ang Tanging Tagapaligtas Natin? (1)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas."
(Ang Mga Gawa 4:12)

•••

Nang dumating ang itinakdang panahon, nagkatawang tao ang Anak ng Diyos dito sa lupa bilang si Jesus at ganap na tinupad ang tungkulin ng isang Tagapagligtas.

Bilang pagpapatuloy ng nakaraang edisyon, ipapaliwanag ko ngayon kung bakit si Jesu-Cristo lang ang karapat-dapat na maging Tagapagligtas ng sangkatauhan batay sa batas ng pagtubos ng lupain (Levitico 25:23-25).

### 1. Dumating si Jesus dito sa lupa bilang tao

Ang Levitico 25:25 ay isang kondisyon tungkol sa "batas ng pagtubos ng lupain", ganito ang sinasabi nito: "Kung ang iyong kapatid ay naghirap, at ipinagbili ang bahagi ng kanyang mga pag-aari, ang kanyang pinakamalapit na kamag-anak ay darating at tutubusin ang ipinagbili ng kanyang kapatid." Tulad ng sinasabi ng talata, ang tungkulin ng pagtubos ng mga inapo ni Adan na naipasa sa kaaway na diyablo, ay dapat tuparin ng 'pinakamalapit na kamag-anak' nito.

Sino ang "pinakamalapit na kamag-anak" ni Adan? Tumutukoy ito sa isang tao na mayroong espiritu, kaluluwa, at katawan tulad ni Adan. Ipinapaalala sa atin ng 1 Mga Taga-Corinto 15:21-22. "Sapagkat yamang sa pamamagitan ng isang tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din ng isang tao'y dumating ang pagkabuhay na muli ng mga patay. Sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay namamatay, gayundin kay Cristo ang lahat ay bubuhayin." Ang unang kondisyon para maging Tagapagligtas na tutubos ng sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan ay dapat siya ay tao.

Si Jesus ay ang Anak ng Diyos na Manlilikha. Paano Siya magiging "pinakamalapit na kamag-anak" ng tao? Sinasabi sa Filipos 2:6-8, "Na Siya, bagama't nasa anyo ng Diyos, ay hindi Niya itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos. Kundi hinubaran niya ang Kanyang sarili at kinuha ang anyong alipin na naging katulad ng tao. At palibhasa'y natagpuan sa anyo ng tao, Siya'y nagpakababa sa Kanyang sarili, at naging masunurin hanggang sa kamatayan man sa krus."

May sinasabi sa atin ang Juan 1:14 tungkol kay Jesus, "At naging tao ang Salita at tumahang kasama namin" at ipinapaalala ng Juan 1:1 na "ang Salita ay Diyos." Ang kahulugan ng "naging tao ang Salita" ay gumamit ang Diyos ng katawan ng tao, may buto at laman, at dumating dito sa mundo.

Si Jesus ay ipinanganak bilang tao para tubusin ang sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan. Bilang tao, si Jesus ay napapagod, nagugutom, nauuhaw, nagagalak, at nalulungkot. Nang ipako Siya sa krus, dumanak ang dugo Niya at nakaramdam ng matinding sakit.

Mayroong isang hindi maitatangging patunay na si Jesus ay dumating dito sa mundo bilang tao. Ang kasaysayan ng sangkatauhan ay nahahati sa panahong bago ipanganak si Jesus ("B.C." o "Before Christ") at sa panahong naipanganak na Siya ("A.D." o "Anno Domini", salitang Latin na ang ibig sabihin ay "sa panahon ng Panginoon").

Sa madaling salita, ang paraan ng pagkalkula at pagtuklas natin tungkol sa kasaysayan ng sangkatauhan ay nagpapatunay sa katotohanan na dumating si Jesus dito sa mundo bilang tao. Kaya, tinugunan ni Jesus ang unang kondisyon bilang 'pinakamalapit na kamag-anak ni Adan' dahil Siya, na Anak ng Diyos, ay dumating dito sa mundo na nagkatawang tao.

### 2. Si Jesus ay hindi inapo ng nagkasalang si Adan

Nang lalangin ng Diyos ang tao, ibinigay Niya kay Adan at Eva ang binhi ng buhay – 'sperm' sa lalaki at 'egg' sa babae. Niloob Niya na magkaroon ng bagong buhay sa pamamagitan nila. Nasa sperm at egg ang mga impormasyong tungkol sa mga impluwensya at ugaling mamanahin tulad ng likas ng mga magulang, personalidad, katangian, panlabas na anyo, at pati na ang mga bagay na nakaugaliang gawin. Ito ang dahilan kung bakit nakakamukha ng mga anak ang anyo, tindig, ugali, at iba pang katangian ng kanilang mga magulang.

Nang magkasala si Adan, naipasa sa mga inapo ang masasamang katangian ng mga ninuno, ito ang "orihinal na kasalanan." Kaya bawat isang tao ay makasalanan sa sandaling ipanganak siya dahil sa kasalanang minana niya mula kay Adan at mga ninuno niya. Mababasa sa Mga Taga-Roma 5:12, "Kaya't kung paanong sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanlibutan, at sa pamamagitan ng kasalanan ay ang kamatayan, kaya't dumating sa lahat ng mga tao ang kamatayan sapagkat ang lahat ay nagkasala."

Mamamatay ang buong sangkatauhan dahil sa pagkakasala ni Adan, lahat ng mga inapo niya ay naging makasalanan. Kung makasalanan ang isang tao, hindi niya pwedeng tubusin ang ibang tao mula sa kasalanan.

Ipagpalagay nating may malaking pagkakautang ang iyong kapatid, mabibilanggo siya dahil dito. Kung may pagkakautang ka rin, hindi mo pwedeng bayaran ang utang niya dahil makukulong ka rin. Tulad nito, kung tao ang Tagapagligtas na tutubos sa sangkatauhan mula sa kanilang kasalanan, dapat wala Siyang pagkakasala. Dahil lahat ng inapo ni Adan ay ipinanganak na may orihinal na kasalanan, hindi nila pwedeng tubusin ang ibang tao mula sa kasalanan ng mga ito.

Sa madaling salita, wala pang taong ipinanganak na makakatugon o karapat-dapat sa pangalawang kondisyon para maging Tagapagligtas. Sino ang pwedeng maging Tagapagligtas, tao pero walang kasalanan? Sa lahat ng taong ipinanganak dito sa mundo, si Jesus lang, ang bugtong na Anak ng Diyos, tao pero hindi inapo ni Adan, wala Siyang kasalanan.

Sa pisikal na paglalarawan, si Jesus ay inapo ni David, at ang mga magulang Niya ay sina Jose at Maria. Pero ipinapaalala sa atin ng Mateo 1:20 na si Jesus ay "ipinaglihi ng Banal na Espiritu" at sinasabi sa atin ng Mateo 1:23 ang propesiya tungkol sa kapanganakan ni Jesus, "Narito, magdadalang-tao ang isang birhen at manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag nila sa Kanya ay Emmanuel."

Hindi nabuo si Jesus sa pamamagitan ng pagsasama ng 'sperm' ni Adan at ng 'egg' ni Maria kundi dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Para sa makapangyarihang Diyos, hindi mahirap gawin na ipagbuntis ni Maria si Jesus ayon sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ipinaglihi si Jesus ng Banal na Espiritu, 'hiniram' lang ang katawan ng Birheng Maria, kaya hindi Siya inapo ni Adan, hindi Niya minana ang mga ugali at katangian nito. Wala Siyang orihinal na kasalanan nang ipanganak.

Tandaan ninyo na kahit si Birheng Maria ang nagbuntis at nagluwal kay Jesus, hindi siya ang 'ina' nito. Kung sa usaping siyensya at teknolohiya, kapag ang isang malusog na 'itlog' ay pinalaki ng makina, at pagkatapos ng siyam na buwan ay ipinanganak, hindi tatawagin ng anak na 'nanay' ang makina.

Pwedeng tingnan ang relasyon sa pagitan ni Jesus at ni Birheng Maria sa ganitong paraan. Sa Biblia, hindi tinawag ni Jesus si Maria na 'Nanay', sa halip, tinawag Niya itong 'Babae' (Juan 2:4; Juan 19:26). Ang katagang "ang ina ni Jesus" ay ginamit ng mga disipulo ni Jesus para tukuyin si Maria. Hindi natin siya dapat sambahin. Lagi nating tandaan na ang Diyos lang na may Tatlong Persona ang dapat nating sambahin at dalanginan.

Itutuloy ko ang mensaheng ito sa susunod na isyu ng *Balitang Manmin.*

Mga kapatid kay Cristo, habang nagkakaroon kayo ng mas malalim na pag-intindi at pagtanggap sa katotohanang walang iba dito sa mundo maliban kay Jesu-Cristo ang karapat-dapat maging Tagapagligtas ng sangkatauhan, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na bawat isa sa inyo ay mabilis na magkakaroon ng matibay na pagtitiwala sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya. Tamasahin nawa ninyo ang kapangyarihan at mga pagpapala na para sa inyo bilang mga anak ng Diyos.




## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

WCDN SPAIN 2016

# Pinatunayan ng mga Doktor ang Kapangyarihan ng Diyos na Magpagaling

**Noong Hunyo 10-11, 2016, idinaos ang Pandaigdigang Kumperensya ng WCDN sa Valencia, Espanya. Basahin natin ang mga patotoo ng mga mananampalataya na nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee.**

## Pinagpalang Magbuntis; Binuksan ng Diyos ang Bahay-bata ng Ina

"Nanalangin si Isaac sa PANGINOON para sa kanyang asawa, sapagkat siya ay baog; at dininig ng PANGINOON ang kanyang panalangin at si Rebecca na kanyang asawa ay naglihi" (Genesis 25:21).

Ang Diyos na Manlilikha lang ang makapagbubukas at makapagsasara ng bahay-bata ng isang babae. Kung nagdurusa kayo sa pagkabaog, wasakin ninyo ang pader ng kasalanan laban sa Diyos at tanggapin ang panalangin ng makapangyarihang pastor para pagpalain kayong magkaanak.



Pitong-taon nang kasal si Elder Busam Kim at ang asawa niya pero wala pa rin silang anak. Ginamit na nilang mag-asawa ang lahat ng klase ng pagpapagamot pero walang nangyari. Samantala, may nagdala sa kanila sa Manmin Central Church, nakarinig sila ng tungkol sa Salita ng Diyos mula kay Dr. Jaerock Lee. Noong Enero 2007, tinanggap nila ang panalangin ni Dr. Lee para hilingin ang pagpapalang magka-anak. Noong Nobyembre 2007, nagkaroon sila ng kaibig-ibig na anak na babae.



Sinubukan din ni Diakono Munhong Kim ang lahat ng paraan ayon sa medisina dahil hindi pa rin sila magka-anak ng asawa niya pagkatapos ng anim na taong pag-aasawa. Wala ni isang paraan ang nakatulong sa kanila. Noong Oktubre 1999, tinanggap ng asawa niya ang panalangin ni Dr. Lee, naramdaman nito na pumasok sa ulo at katawan niya ang apoy ng Banal na Espiritu. Agad itong nagbuntis, at noong Agosto 2000, ipinanganak nito ang malusog na sanggol na lalaki.



Pagkatapos ng 13 taong pag-aasawa, wala pa ring anak si Pastor Soohee Yim. Sinikap niyang alamin ang dahilan, pero walang natuklasan. Sumuko na siya at ang asawa niya sa paghahangad na magkaroon ng sariling anak, inisip nilang mag-ampon na lang.

Noong taong 2007, isinama siya ng biyenan niyang babae sa Manmin Central Church, marami siyang nakitang nagkaroon ng anak dahil sa pananalangin ni Dr. Lee. Tinanggap niya ang panalangin, pero walang nangyari, kulang siya sa pananampalataya. Naghintay ang Diyos hanggang sa mapanatili nilang mag-asawa ang kapayapaan sa pagitan nila at magkaroon ng mas malalim na pananampalataya. At sa wakas, nang tanggapin nila ang panalangin na may pananampalataya, pinagpala ang babae na magbuntis, mayroon na sila ngayong malusog na anak na lalaki.

## Dahil sa Panalanging Lumalampas sa Lugar at Panahon

"...'Panginoon, hindi ako karapat-dapat sa iyo na puntahan Mo ang aking bahay, ngunit sabihin Mo lamang ang salita at gagaling ang aking alipin'...'Humayo ka na; mangyayari para sa iyo ang ayon sa iyong pananampalataya.' At gumaling nga ang alipin nang oras ding iyon" (Mateo 8:8-13).



May sakit sa thyroid ang asawa ni Kapatid Promod Kumar, dahil dito, palagi siyang nakukunan. Humingi ito ng tulong sa isang salamangkero at gumamit ng tradisyunal na mga gamot na ginagamit sa India. Pero hindi nakatulong sa kanya ang mga ito. Noong taong 2013, isinama ang mag-asawa sa Delhi Manmin Church. Noong Hulyo 2014, nagpadala sila ng hiling na panalangin kay Dr. Jaerock Lee sa Korea, nilakipan nila ito ng kanilang litrato. Pagkatapoos nilang tanggapin ang panalangin na lumalampas sa lugar at panahon, nagbuntis ang babae. Ipinanganak ang panganay nila pagkatapos ng 14 na taong paghihintay.



May ilang taon nang may-asawa si Kapatid Sato Hiromi pero wala pa rin siyang anak. Nagpagamot siya sa mga klinika na makakatulong para siya ay magbuntis. Pero wala itong naitulong sa kanya.

Noong Pebrero 2013, ibinigay niya ang litrato niya at mga kaloob kay Pastor Miyako Dokkikuni na bibisita sa Korea, hiniling niya dito na tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee para sa kanya. Noong Mayo 2013, pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin na lumalampas sa lugar at panahon, nagbuntis siya. Sa wakas, mayroon na siyang napakagandang anak na babae.

## Sa Pamamagitan ng Makapangyarihang Panyo

"Gumawa ang Diyos ng mga di-pangkaraniwang himala sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo. Kaya't nang ang mga panyo o mga tapis na napadikit sa kanyang katawan ay dinala sa mga maysakit, nawala sa kanila ang mga sakit, at lumabas sa kanila ang masasamang espiritu" (Ang Mga Gawa 19:11-12).



May problema si Kapatid John Babu; wala pa siyang anak kahit apat na taon na siyang kasal. Noong taong 2008, sumama siya sa pagkakabit ng kuryente at tubig ng Chennai Manmin Church sa India. Narinig niya ang mga patotoo ng mga miyembro ng iglesya na nakaranas ng mga mahimalang pagkilos ng Diyos. Nagkaroon siya ng pag-asa. Noong Disyembre 2010, dumalo siya sa pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling sa iglesya, tinanggap niya ang panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos ng panalangin, noong Pebrero 2011, nagbuntis ang asawa niya. Ipinanganak nito ang magandang sanggol na babae noong Nobyembre.



Ikinasal si Kapatid Hortense Bandome noong taong 1998, nagkaroon siya ng anak na babae. Pero nang magkaroon siya ng german measles (rubella virus), hindi na siya nagbuntis muli. Noong taong 2008, nagrehistro siya sa Kinshasa Manmin Church at noong taong 2009, dumalo siya sa krusada ng Presidente ng Manmin Prayer Center na si Boknim Lee sa DR Congo. Tinanggap niya ang panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12) kalakip ang paghahangad niya na magkaroon muli ng anak. Nagbuntis nga siya, at nanganak ng isang sanggol na lalaki. Pagkatapos, nagkaroon pa siya ng kambal na babae. Apat na ang mga anak niya ngayon.

## Ang Muling Paglikha ng Litid at Himaymay sa Tuhod

**Mr. Jaehong Park, 48 taong gulang, South Korea**




Noong bata pa siya, gustong-gusto niyang maglaro ng soccer, ambisyon niyang maging matagumpay na manlalaro. Pero, dahil labis ang ang pagsasanay niya at paulit-ulit na napipinsala ang mga tuhod niya, kinailangang niyang huminto sa paglalaro. Pinakamalaking pinsala ang natamo ng mga tuhod niya, nagigising siya sa gabi kapag pinupulikat at sumasakit ang mga binti niya. Napakasakit nito, parang pinipilipit ang laman niya sa magkabilang binti at parang tinutusok ng malaking karayom ang mga tuhod niya.

Noong Hulyo 2014, may nagdala sa kanya sa pulong-panalanging may panyong nakapagpapagaling na idinaos sa Chuncheon Manmin Church (Ang Mga Gawa 19:11-12). Idinalangin siya ni Rev. Heesun Lee gamit ang panyo, pagkatapos, nagawa niyang mag-squat, naitiklop niya ang mga tuhod niya at nakatayo siya nang walang problema. Lumalagitik dati ang mga tuhod at laman niya, parang mababakli. Pero, pagkatapos ng panalangin, nawala ang tunog. Pagkatapos ng pagpupulong, tumakbo siya mula sa ikatlong palapag patungo sa unang palapag ng gusali. Wala na siyang sakit na naramdaman sa mga binti at tuhod niya magmula noon.







Bago ipanalangin, manipis ang litid at himaymay ng mga tuhod

Pagkatapos ipanalangin, gumaling ang mga tuhod

## Babaing Comatose o Walang Malay Dahil sa Malalang Pamamaga ng Utak, Nagising Dahil sa Panalangin!

**Ms. Chia Swee Yoon, 32 taong gulang, Malaysia**



Noong Mayo 14, 2015, inilipat sa pangangalaga ni Dr. Timothy Sng si Chia Swee Yoon mula sa ibang ospital. Nananakit ang ulo, nilalagnat, at nagsusuka siya. Sumailalim siya sa CT scan, nasuring mayroon siyang encephalitis (namamaga ang utak niya). Noong umaga ng Mayo 15, bigla siyang nawalan ng malay. Hindi matiyak ni Dr. Sng kung gagaling pa ito.

Kinabukasan, dumalo si Dr. Sng sa Ika-12 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor ng WCDN na idinaos sa Kuala Lumpur. Tinanggap niya ang panalanging may panyo ni Rev. Heesun Lee sa pulong na may pagpapagaling para sa pasyente niya (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong gabing iyon, nanaginip ang pasyente. Bumisita sa kanya ang Panginoon, nakangiti, parang liwanag. Bigla siyang nagising at nagkaroon ng malay. Hallelujah!



Bago ipanalangin, may tubig sa utak (litrato sa itaas), pero, pagkatapos ipanalangin, nawala ang tubig (ibaba)



## Paralisado ang Isang Lalaki Dahil sa TB sa Gulugod pero Malusog na Siya Ngayon at Nakakapagmaneho Pa ng Sasakyan!

**Mr. BanwariLal, 47 taong gulang, India**



Noong taong 2012, nasuring may tuberkulosis sa gulugod si Mr. BanwariLal, dumaranas siya ng matinding pananakit. Nagpaopera siya, pero walang pagbabago. Naparalisa siya mula baywang pababa, ni hindi siya makaupo mula sa pagkakahiga at ni hindi siya makapagbanyo kapag walang kasama. Ginagawa niya ang lahat ng bagay habang nakahiga sa kama.

Samantala, bumisita sa kanya si Pastor John S. Kim ng Delhi Manmin Church, dito sa iglesyang ito dumadalo ang anak niyang lalaki. Idinalangin siya ng pastor gamit ang panyong dinalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Pabuti nang pabuti ang pakiramdam niya sa tuwing tatanggapin niya ang panalanging may panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nagparehistro siya sa iglesya, naging mananampalataya, at tumanggap ng panalangin ni Dr. Lee sa GCN TV. Lubos ang paggaling niya. Hallelujah! Nagmamaneho na siya ngayon at boluntaryong sumusundo ng mga tao para makadalo sa iglesya kapag araw ng Linggo.





Ang MRI bago siya napagaling: sinira ng tuberkulosis sa gulugod ang pangalawa at pangatlong buto

## Tinanggal ng Kapangyarihan ng Diyos ang Bato sa Apdo


**Ms. Maria Macuado, 22 taong gulang, Peru**



Noong Setyembre 2014, nagkaroon siya ng matinding pananakit ng tiyan, tumagal ito ng may ilang buwan. Nagpasuri siya sa doktor, sinabi nito na may bato siya sa apdo na may sukat na 16mm. Hiniling niyang idalangin siya gamit ang panyo sa pastor ng Peru Manmin Church (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos ng panalangin, nawala na ang matinding pananakit, hindi na siya nagsusuka.

Pero, noong Enero 2015, pagkatapos niyang muling magpa-ultra sound, sinabi ng doktor na lumaki ang bato sa apdo niya, 18.2mm na ang sukat nito. Sinimulan niyang pagsisihan lahat ng masasamang saloobin at damdamin na matagal na niyang kinikimkim. Pagkatapos, napanaginipan niya ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Idinalangin siya nito, nakapatong ang kamay sa maysakit na bahagi.

Nabigla siya sa susunod na resulta ng ultrasound, wala na ang bato sa apdo, ganap ang paggaling niya.



Nawala ang bato sa apdo, 18.2mm ang sukat

## Gumaling ang Basag na Buto sa Gulugod Dahil sa Panalanging may Panyo


**Mr. Jacob Otieno Ojwang, 27 taong gulang, Kenya**



Noong Marso 23, 2015, nagtatrabaho siya sa bubungan ng isang istruktura na may taas na apat na metro. Biglang nabali ang kahoy na ginamit sa istruktura kaya bumagsak siya sa lupa. Napakasakit ng likuran niya, halos hindi siya makagalaw at makahinga. Nakita sa x-ray na nabasag ang ilang buto niya sa gulugod. Dapat siyang maoperahan.

Kinabukasan, tinanggap niya ang panalanging may panyo ni Bishop Dr. Myongho Cheong ng Nairobi Manmin Church (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nagkaroon ng pakiramdam ang paralisadong mga binti at baywang niya. Unti-unting nawala ang pananakit ng mga binti niya. Naigagalaw na niya ang mga ito. Noong Marso 31, lumabas siya mula sa ospital, may pananampalataya. Kinabukasan, muli niyang tinanggap ang panalangin ni Dr. Cheong. Bumalik ang lakas ng katawan niya, nakakaupo na siya sa kama, nakakatayo at nakapaglalakad na siya nang walang tulong.

Agad niyang nabawi ang dating lakas, at noong Abril 23, bumalik na siya sa normal, nakapagtrabahong muli.



Ang resulta ng CT scan
Bago ipanalangin (itaas)
Pagkatapos ipanalangin (ibaba)



### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas<br>Pastor Jaebhong Uhm<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas<br>Pastor Jaebhong Uhm<br>2-735-1423 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas<br>Pastor Jaebhong Uhm<br>2-735-1423 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |